# PAGPEPRESENTA SA IYONG SARILI

**5**
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Pagbabalik-tanaw
- Ako sa Ngayon
- Mahal na Estranghero
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Suriin ng mga estudyante ang impormasyon na kanilang natutuhan tungkol sa kanilang sarili.

Tukuyin ng mga estudyante ang mga kategorya ng personal na impormasyon at isulat ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa kanilang sarili.

Sumulat ang mga estudyante ng mga liham kung saan magbibigay sila ng impormasyon tungkol sa kanilang sarili upang makamit ang isang imaginary na hangarin.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Mga folder ng mga estudyante na may mga tala at mga activity sheet mula sa kursong ito (Bahagi I)
- Isang kopya ng activity sheet na “Karisma” para sa bawat estudyante (Bahagi II)

# Panimula

3 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na isipin sa kanilang imahinasyon na mayroon silang pen pal na hindi pa nila nakatagpo. Tanungin ang mga boluntaryo na magtawag ng ilang bagay na gusto nilang malaman tungkol sa taong ito.  Habang sumasagot ang mga estudyante, isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.

Bukod sa mga pisikal na katangian, hilingin sa mga estudyante na alamin ang personal na impormasyon gaya ng edad, petsa ng kapanganakan, paboritong paksa sa paaralan, libangan, interes, at iba pa.

Sabihin, "Kapag hindi ka kilala ng mga tao, mahalaga na ituon ang pansin sa mga katangian na magbibigay sa mga tao ng impormasyon tungkol sa kung sino ka.  Ang hitsura mo sa labas ay laging kawili-wiling impormasyon, ngunit ang pagkatao mo sa loob ang talagang mahalaga. Ngayon, pag-uusapan natin ang tungkol sa mga katangian na natatangi sa iyo."

# Bahagi I: Pagbabalik-tanaw

15 Minuto

Layunin: Suriin ng mga estudyante ang impormasyon na kanilang natutunan tungkol sa kanilang sarili.

**1. Alalahanin ng mga estudyante ang personal na impormasyon na kanilang natukoy.**

Tagubilinan ang mga estudyante na kunin ang kanilang mga folder para sa klaseng ito. Ipaliwanag sa mga estudyante na babalik-aralan nila kung ano ang kanilang natutunan tungkol sa kanilang sarili at sa kanilang kakayahan upang magtagumpay.

Para simulan ang isang pagbabalik-aral ng natutunan ng mga estudyante tungkol sa kanilang sarili, itanong ang mga sumusunod na katanungan tungkol sa impormasyon na kanilang isinulat tungkol sa kanilang sarili sa simula ng kurso.

- Sino ang makakapaghanap ng mga kopya ng activity sheet na “Cloud Nine”—ang unang activity sheet na nakumpleto ninyo sa klaseng ito? Ang larawang iginuhit mo ba noon ay kumakatawan pa rin sa isang pangmatagalang hangarin o pangarap mo para sa hinaharap? Kung hindi, isipin kung ano ang posible mong iguhit ngayon.
- Sino ang makakahanap ng activity sheet na “Bingo”? Kinakatawan pa rin ba nito ang iyong mga talento at mga kalakasan? Mayroon ka bang iba pang talento at lakas sa panahon ng iyong pag-aaral sa kursong ito?
- Maaari mo bang mahanap ang iyong mga dokumento sa aktibidad na “Valuable Squares (Mahahalagang Parisukat)”? Ang iyong mga pinahahagalahan ba ay gayon pa rin, o nagbago na?

**2. Alalahanin ng mga estudyante ang mga kasanayan na kanilang nabuo.**

Imbitahan ang mga estudyante na patuloy na mag-browse sa kanilang mga folder. Himukin silang mag-obserba at magkomento tungkol sa mga partikular na kasanayan na kanilang pinagtuunan ng pansin sa kurso, gaya ng epektibong komunikasyon, paggawa ng matalinong desisyon, pagtatakda ng mga stepping-stone na hangarin, pamamahala sa stress, pamamahala ng oras, paggamit ng mga resource, pagtatala, paglutas ng mga problema, paglutas ng mga di-pagkakasundo, at iba pa.

Ipunto na sa bawat klase ng Pananaig sa mga Hadlang, mas marami ang natututunan ng mga estudyante tungkol sa kanilang sarili at nakabuo ng iba't ibang kasanayan na tutulong sa kanila na makamit ang kanilang mga tunguhin.

Tagubilinan ang mga estudyante na mag-isip ng mga paraan na kanilang nabago at mga kasanayan na kanilang nabuo sa kanilang panahon sa kursong ito.

# Bahagi II: Ako sa Ngayon 15 Minuto

Layunin: Tukuyin ng mga estudyante ang mga kategorya ng personal na impormasyon at isulat ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa kanilang sarili sa bawat kategorya.

**1. Talakayin ng mga estudyante ang iba't ibang uri ng impormasyon.**

Tagubilinan ang mga estudyante na alalahanin ang talakayan mula sa Panimula tungkol sa kung ano ang maaaring gusto nilang malaman tungkol sa isang pen pal na hindi pa nila nakatagpo. Ipaliwanag na sa hinaharap, hihilingin sa mga estudyante na magpresenta ng impormasyon tungkol sa kanilang sarili sa mga taong hindi nila kilala.

Sabihin, "Balang-araw, baka hilingin sa inyo na punan ang isang aplikasyon upang sumali sa isang grupo o makilahok sa isang aktibidad.  Tiyak na hihilingin sa inyo na punan ang mga aplikasyon para sa mga paaralan at trabaho.  Ang mga aplikasyon na ito ay humihiling ng impormasyon tungkol sa inyo.  Hihingi sila ng mga uri ng impormasyon na natutunan ninyo tungkol sa inyong sarili sa buong kursong ito. Gusto din nilang malaman ang iba pang uri ng impormasyon—kung paanong gusto mo ring malaman ang iba pang uri ng impormasyon tungkol sa isang pen pal na hindi mo pa nakatagpo."

Imbitahan ang mga estudyante na magmungkahi ng mga uri ng impormasyon na sa palagay nila ay gustong malaman ng mga tao tungkol sa kanila.

**2. Sumulat ang mga estudyante ng impormasyon tungkol sa kanilang sarili.**

Magpamahagi ng mga kopya ng activity sheet na "Karisma". Tanungin ang mga estudyante kung sa palagay nila ay binubuod sa activity sheet na ito ang iba't ibang uri ng impormasyon na katatalakay lang nila. Ipunto na nililista sa activity sheet na ito ang mga kategorya ng impormasyon na ipinapakita kung sino ang isang tao at kung ano ang nagawa nila.

Ipaliwanag na babasahin ninyo ang bawat kategorya at bibigyan ng panahon ang mga estudyante na punan ang impormasyon tungkol sa kanilang sarili. Imungkahi sa mga estudyante na sumangguni sa kanilang dati nang nakumpletong mga activity sheet, na kakarepaso lang nila.

Gabayan ang mga estudyante na kumpletuhin ang activity sheet na “Karisma”. Imungkahi na kung kailangan ng mga estudyente ng karagdagang espasyo para sumulat, pwede nilang lagyan ng numero ang mga kategorya at isulat ang impormasyon sa likuran ng activity sheet.  Itanong ang mga sumusunod na tanong tungkol sa bawat kategorya:

- Mga Personal na Katotohanan (Personal Facts): Ano ang pangalan mo? Ilang taon ka na? Kailan at saan ka ipinanganak?
- Edukasyon: Anong baitang ka na? Saang paaralan ka pumapasok ngayon? Saang ibang paaralan ka pa pupasok?
- Mga Kalakasan at Talento: Ano ang mga paborito mong subject sa paaralan? Ano ang mga gustong-gusto mong subject sa paaralan? Saan ka pa mahusay?
- Mga Libangan at Interes: Ano ang gusto mong gawin sa labas ng paaralan?
- Mga Karanasan sa Buhay: Sa anong mga gawain ka nakikibahagi? Anong mga espesyal na pananagutan ang mayroon ka (o mayroon ka dati)?
- Mga Layunin at Pangarap: Ano ang nagawa mo ngayong taon? Ano ang plano mong gawin sa susunod na taon? Ano pa ang gusto mong gawin sa hinaharap?

Ipunto na katatapos lang magbalangkas ng mga estudyante ng mahahalagang katotohanan (facts) at impormasyon tungkol sa kanilang sarili.  Ipaliwanag na inaayos ng mga kategoryang ito ang impormasyon at binibigyang-daan ang mga estudyante na ipakilala ang kanilang sarili sa positibong paraan.

Sabihin, “Mahalagang gawin mo ang iyong makakaya at ipakilala ang iyong sarili nang positibo kung nais mong makamit ang iyong mga hangarin. Maglaan ng panahon upang pag-isipan ang

iyong mga kalakasan, kakayahan, interes, at nakamit habang lumalaki ka at nagbabago sa mga darating na taon."

## Bahagi III: Mahal na Estranghero

15 Minuto

Layunin: Sumulat ang mga estudyante ng mga liham kung saan magpipresenta sila ng impormasyon tungkol sa kanilang sarili upang makamit ang isang imaginary na hangarin.

**1. Pagtuunan ng pansin ng mga estudyante ang isang imaginary na sitwasyon.**

Hilingin ang mga estudyante na kumuha ng mga materyales sa pagsulat. Sabihin sa kanila na isipin sa kanilang imahinasyon na may pagkakataon silang makamit ang isa sa kanilang pinakamatinding pangarap. Ang kailangan lang nilang gawin ay sumulat ng isang liham na nagpapaliwanag kung bakit sila dapat ang pipiliin sa oportunidad na ito. Imungkahi na gamitin ng mga estudyante ang impormasyon mula sa activity sheet na "Karisma" upang ipakilala at ilarawan ang kanilang sarili sa isang tao na hindi nila kilala, ngunit makakatupad ng kanilang mga kagustuhan.

**2. Magsusulat ang mga estudyante ng kanilang mga liham.**

Ibigay sa mga estudyante ang natitirang panahon sa klase para isulat ang kanilang mga liham. Kung ipinahihintulot ng panahon, mag-imbita ng mga boluntaryo para basahin nang malakas ang kanilang mga liham.

# Konklusyon

2 Minuto

Paalalahanan ang mga estudyante na tinalakay nila ang ilang susi para sa tagumpay sa simula ng kurso—kumpiyansa, pagtitiyaga, positibong asal, at pagnanais na gumawa at matuto. Tanungin ang mga estudyante kung gaano na kalayo ang kanilang narating sa pagkakaroon ng mga katangiang ito. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- May kakayahan ang bawat estudyante na makamit ang kanilang mga hangarin.
- Ipresenta ang iyong sarili sa positibong paraan sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa mga katotohanan (facts) at impormasyon na naglalarawan sa iyong mga kalakasan, kakayahan, interes, at nakamit.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ilista ang dalawang bagay na naiiba sa iyo ngayon kumpara sa noong nagsimula ka sa kurso.
2. Isulat ang tatlong kasanayan na napaunlad mo sa kursong ito.
3. Ano ang isa sa mga hangarin mo sa hinaharap? Ipaliwanag kung paano mo gagamitin ang iyong mga kasanayan para matulungan kang makamit ang tunguhing ito.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

Tagubilinan ang mga estudyante na maghanap ng isang sipi na kumakatawan sa kung sino sila. Hilingin sa kanila na sumulat ng isa o dalawang pangungusap na nagpapaliwanag kung bakit pinili nila ang sipi na iyon.

Tagubilinan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga sipi. Pagkatapos, tagubilinan silang talakayin kung paano nila iniisip na maaaring magbago sila sa hinaharap.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na sumulat ng autobiography o gumawa ng time line na nagdedetalye kung ano ang kanilang iniisip sa imahinasyon nila na magiging buhay nila sa edad na 30 taon.

Hilingin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang nagawa sa isang ka-partner.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Tagubilinan ang mga estudyante na sumulat tungkol sa kanilang mga paboritong aralin o aktibidad sa klase na ito at tukuyin ang pinakamahalagang kasanayan na natutunan nila.

Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin ang kanilang mga paboritong sandali sa kurso na Pananaig sa mga Hadlang at ibahagi ang pinakamahalagang kasanayan na natutunan nila.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Tagubilinan ang mga estudyante na i-browse ang website ng Pananaig sa mga Hadlang sa www.overcomingobstacles.org at basahin ang mga testimonial na nai-post, kasama ang kasaysayan ng Community for Education Foundation.

Kung naaangkop, tagubilinan ang mga estudyante na magpadala ng e-mail na naglalarawan ng kanilang mga paboritong aktibidad sa kurso at mga kasanayan na natutunan nila sa info@overcomingobstacles.org.

# TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na lumikha ng mga “me bag” sa pamamagitan ng pagdedekorasyon at pagpuno sa isang bag ng mga larawan at bagay na kumakatawan sa kung sino sila at kung sino ang gusto nilang maging.

Hatiin ang mga estudyante sa mga grupo. Tagubilinan sila na iharap ang kanilang mga bag sa kani-kanilang grupo.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Tagubilinan ang mga estudyante na basahin ang *Oh, the Places You’ll Go!* ni Dr. Seuss.

Hilingin sa mga estudyante na talakayin kung paano makakaapekto sa kanilang buhay ang positibong asal tungkol sa hinaharap.